## Nasa Loob

P310 Milyon PAMANA Projects — p2
P25 M inilaan para sa seawall at kalsada — p2
Paggugol ng Special Education Fund sa Camarines Norte — p3
School Projects Completed, On-Going, for Implementation — p3
Provincial Government Road Projects Completed/ On-Going/For Implementation — p6



Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog


Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado




# PROYEKTONG KALSADA UMAABOT NA SA 207.01 KM P 1.9 BILYON PONDONG NALIKOM PARA DITO


SI GOB. EDGARDO A. TALLADO KASAMA SI BISE GOB. JONAH G. PIMENTEL AT BOARD MEMBER POL GACHE SA KANILANG PAGBISITA SA KASALUKUYANG ISINASAGAWANG CORY AQUINO BOULEVARD (MERCEDES-DAET-TALISAY-VINZONS)

Sa pagtatala ng Provincial Engineering Office (PEO) umaabot na sa 207,013.62 m o 207.01 km ang haba ng kalsadang proyekto sa lalawigan ng Camarines Norte ng Pamahalaang Panlalawigan sa loob ng tatlong taong panunungkulan ni Punong Panlalawigan Edgardo A. Tallado.

Ang mga pinasimulan noong 2010 at 2011 ay ganap ng natapos. Samantala, ilan sa pinasimulan ng 2012 ay kasalukuyang tinatapos at sinisimulan naman ang

*(Sundan sa pahina 5)*

Kasalukuyang isinasagawa sa ating lalawigan sa kahabaan ng mga national highway ang road widening project ng pamahalaang nasyonal sa pamumuno ni Kagalanggalang Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino C. III.

Ang pondo ng proyektong ito ay nakapaloob sa GENERAL APPROPRIATIONS ACT at ipinatutupad sa pamamagitan ng Department of Public Works and Highways.

Sa panayam kay Gob. Edgardo A. Tallado, sinabi niya na ang proyekto ito ay "nationwide" kaya sa ibang probinsiya ay isinasagawa din ang " road widening project". Maaari kong sabihin na dahil kami ni Pangulong Aquino ay magkapartido kaya pinagbubuhusan niya ng pondo ang Camarines Norte. Lalo pa't sinabi niya sa akin na sa kanyang mga proyekto ay lagi niyang ibibilang ng ating lalawigan. Pinasasalamatan ko ang Pangulo sa pagtulong niya sa ating lalawigan

Kasabay ng road widening project sa 1st and 2nd district ng Camarines Norte ay on-going din ang concreting ng Sta. Milagrosa– Larap Road at Luklukan-Gumaus Road na nakapaloob din sa GAA. Lahat ng ito ay proyekto ni Pangulong Noynoy kaya ibigay natin ang ating pagkilala at pasasalamat sa kanya, dagdag pa ni Gob. Tallado.

Nasusulat sa datos ng Department of Budget and Management ang ganito: *"There are four phases in managing the National Budget: preparation, legislation, execution, and accountability. During the preparation phase, the Executive prepares the proposed National Budget. This is followed by the legislation phase where the Congress authorizes the General Appropriations Act. In the execution phase, agencies utilize their approved budgets and during the accountability phase, the executive monitors and evaluates the use of the budget".*

Ang pambansang badyet kung saan nakapa-

*(Sundan sa pahina 3)*

# PROYEKTO NI PNOY, RAMDAM na RAMDAM SA CAMARINES NORTE



# P310 Milyon PAMANA Projects

P20 milyon lamang ang naunang inilaan sa Camarines Norte ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) para sa 2012 PAMANA projects ngunit dahil sa pagdulog ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Pangulong Benigno Aquino Jr., madadagdagan ito ng P150 milyon na kanyang panukalang inilaan sa 3 *OPAPP/PAMANA projects*.

Ang tatlong proyektong ito ay ang: Concreting of Larap-Sta. Elena *Farm to Market Road (FMR)*, JOSE PANGANIBAN, 5.89 km, P50 milyon; Concreting of Pambuhan- Lanot *Farm to Market Road (FMR)*, MERCEDES , 6.760 km P50 milyon at Concreting of Calabasa – Pag_asa *Farm to Market Road (FMR)*, LABO, 7.0 km, P50 milyon.

Noong 2011, ay P140 milyon ang nailaan para sa Camarines Norte, P20 milyon sa 2012 at may karagdagang P150 milyon o sa kabuuan ay P310 Milyon ang pondo ng Camarines Norte para sa *OPAPP/PAMANA project*.

Nakapaloob sa P20 milyon ang *concreting* ng San Isidro, Sta Cruz FMR (P7 milyon); *Construction of Youth Crisis Center* sa Capalonga (P3.5 milyon); *concreting* ng FMR ng barangay Cabusay, Tigbinan, Maot at Submakin na may pondong tig P 1.5 milyon; pagsasaayos ng *water supply system* sa barangay Guisican, Malangcao Basud at Masalong na may tig- P1 milyon, paglalagay ng *Tree Park* at *management* ng *mangrove area* sa Catioan Capalonga (P400,000) at *Agro-Forest Planting of Mahogany Trees* sa Alayao, Capalonga. (P100,000). Ang ilan sa mga ito ay sinisimulan na at nakatakda na ring pasimulan ang iba pa.

Samantala, sa P140 milyon noong 2011 ay nakapaloob ang limang proyekto na ang apat ay natapos na: 1) Bakiad-Sta. Cruz *FMR concreting* (P10 M); 2) Pambuhan-Lanot *FMR concreting* (P20 M) at 3) Sta. Rosa Sur-San Rafael *FMR concreting* (P 20 M) at ang 2) *Concreting* ng Malibago-Malaya FMR - P 40 M. Samantala, ang *concreting/gravelling* ng Exciban-Dumagmang *FRM* ay 80.72% *completed*.

*Ang PAMANA* na ang kahulugan ay *Payapa at Masaganang Pamayanan* ay isang pangkapayapaan at pangka-unlarang programa sa mga lugar na may sigalot o usaping pangkapayapaan, kasama rito ang *Bicol Region*. Sa pagsasagawa ng mga pampamayanang imprastraktura ay maiibsan ang kahirapan nang sa gayon ay maibalik ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan at maiwasan na ang armadong pakikipaglaban.



Magkatuwang na ginupit ang laso ni Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel kasama s i bilang pasinaya ng CONCRETING ng MALIBAGO-MALAYA FARM to MARKET Road na isa sa major project ni Gob. Tallado na naipatupad sa pondong mula sa OPAPP-PAMANA. Isinagawa ang pasinaya noong Enero 25, 2013 kasabay ng magkasabay na multi-services sa brgy. Malaya, Malibago at Macogon. Makikita din sa larawan ang mga hepe ng tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Sa Bicol-Quezon-Mindoro Corridor, ang Camarines Norte ang may mataas na bilang ng barangay na may impluwensiya ng mga makakaliwa.

Sa pagtutulungan ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, ng pamahalaang panlalawigan at ng mga pamahalaang lokal, tinukoy sa mga bayang ito ang mga karampatang proyektong dapat ipaloob sa PAMANA program. Isinulong naman ni Gob. Tallado bilang *chairman* ng *Regional Peace and Order Council (RPOC)* ng *Bicol Region* na ang mga ito ay kaagad mapondohan. **j@c**

# P25 M inilaan para sa seawall at kalsada

Mapalad ang Barangay Parang sa Jose Panganiban at Barangay Poblacion Norte sa Paracale sapagkat inilaan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Senador Ramon Bong Revilla ang tig-P5 Milyong piso para sa konstruksyon ng seawall sa kanilang barangay.

Mapalad din ang Barangay Mangcamagong at Lanot sa Mercedes at gayundin ang Barangay Guinatungan at Barangay Patag sa Basud para sa pagbibigay prayoridad ng gobernador at senador sa pagsasaayos ng kanilang barangay road.

Sa bisa ng SARO No. A-12-00859 na may petsang Oktubre 2, 2012 ay pinagtibay ng Department of Budget and Management ang P25 milyon pondo sa 1) Construction of Seawall, Barangay Parang, JPang – P5 milyon; 2) Construction of Seawall, Barangay Poblacion, Paracale – P5 milyon; 3) Improvement/ Rehabilitation of Mangcamagong -Lanot Road, Mercedes - P10 milyon at 4) Improvement/ Rehabilitation of Guinatungan - Patag Road, Basud - P5 milyon.

Ang mga nasabing proyekto na pakikinabangan ng 4 na bayan ay ipinatutupad na ng Tanggapan ng Panlalawigang Inhinyero.

Ayon kay Punong Barangay Claudio Quijano ng Poblacion Norte, hindi niya ito hiniling kay Gob. Tallado ngunit nakita niya ang prayoridad na proyekto na kailangan sa kanilang barangay kaya lubos ang kanyang pasasalamat

Ang pondong P25 milyon ay pinagsumikapang hilingin ni Gob. Tallado kay Senador Revilla mula sa kanyang Priority Development Assistance Fund. ***j@c***



*(sa itaas) On-going construction ng Seawall sa Barangay Parang (JOSE PANGANIBAN) at Brgy. Poblacion (PARACALE) (ibabang larawan)*





*On-going REHABILITATION OF SAN FELIPE-GUINATUNGAN PATAG PROVL ROAD (BASUD)*



*On-going REHABILITATION OF MANGCAMAGONG-LANOT ROAD, MERCEDES*

# Paggugol ng Special Education Fund sa Camarines Norte, natatangi sa Rehiyon 5

Pinagtibay kamakailan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang 2013 Annual Budget ng Provincial School Board (PSB) na may kabuuang P10. 7 milyon mula sa estimated revenue na 1% ng additional real property tax ng pamahalaang panlalawigan na nakalaan para sa Special Education Fund ngayong taon.

Ang malaking bahagi nito na P4.8 milyon ay inilaan para sa delegasyon ng Camarines Norte sa Palarong Bikol. May alokasyon namang P1 milyon para sa Repair at Maintenance ng ilang natukoy na school building at P500 libo para sa pagkokompleto ng Extension Building ng DepED Division Office. P1 milyon din ang laan sa pagbili ng mga aklat/ instructional materials at hiwalay pang P20,000 para sa instructional materials para sa Alternative Learning System.

Matutuwa naman ang mga magwawagi ng 1st , 2nd at 3rd place sa mga academic contest dahil sa laang P150 libo insentibo. Para sa Search for Outstanding Teachers & Most Effective School, may alokasyon itong P200 libo.

Ang ibang bahagi ng pondo ay nakalaan para sa honoraria ng extension teachers at open high school teachers, pagbili ng ilang kagamitang pampaaralan/ pantanggapan at iba pang mga programa at gawain ng DepED.

Ang paglalaan ng pondo sa mga nabanggit na gawain at programa ay tinalakay ng Provincial School Board sa isang pulong noong Enero 9, 2013 na pinanguluhan ni Gob. Tallado. Sa pagpupulong na isinagawa ukol sa pagtalakay ng nasabing budget, ipinabatid ni Dr. Arnulfo M. Balane, Schools Division Superintendent at Co-chairman ng PSB na tanging ang pamahalaang panlalawigan lamang ng Camarines Norte sa rehiyong Bikol sa panahon ng administrasyon ni Gob. Tallado ipinagkatiwala sa DepED ang paggugol ng SEF. Tulad na lamang ng

*(Sundan sa pahina 7)*

# SCHOOL PROJECTS COMPLETED, ON-GOING,FOR IMPLEMENTATION

| | Name of Project | Location | Approriation |
|---|---|---|---|
| Basud | Repair/Rehab of 3 Rooms Sch Bldg | San Felipe Elementary School | 430,000.00 |
| Capalonga | Const of one (1) unit Sch Bldg | San Antonio HS, Brgy. Antonio | 500,000.00 |
| Capalonga | Rehab of (2) Classroom Sch Bldg | Brgy. San Isidro | 250,000.00 |
| Capalonga | Rehab of Multi-Purpose Bldg | Brgy. Del Pilar | 200,000.00 |
| Capalonga | Rehab of Multi-Purpose Bldg | Torres Talento Elem. Sch, Brgy. Old Camp | 300,000.00 |
| Capalonga | Rehab of School Bldg | San Antonio Elem. Sch, Brgy. Antonio | 200,000.00 |
| Capalonga | Rehab of School Bldg | Villa Aurora Elem Sch, Brgy. Villa Aurora | 60,000.00 |
| Capalonga | Const of Multi-Purpose Bldg | Capalonga Elem School | 2,000,000.00 |
| Daet | Const of Stage | UP Teachers Village Elem. Sch, Brgy. Alawihao | 99,506.00 |
| Labo | Const of 6 Classroom Sch Bldg | Labo Central Elem. Sch | 3,472,275.00 |
| Labo | Const of 2 Classroom Sch Bldg | Brgy. San Antonio | 1,000,000.00 |
| Labo | Const of two (2) classroom School | Canapawan Elem. Sch, Brgy. Canapawan | 1,200,000.00 |
| Labo | Const of one (1) unit Sch Bldg | Baay Elem. School | 195,000.00 |
| Labo | Completion of One (1) Unit Sch Bldg | Baay Elem. Sch, Brgy. Baay | 195,000.00 |
| Mercedes | Const of Stage (Phase II) | Pablo S. Villafuerte High School | 325,200.00 |
| Mercedes | Const of Conc Pathway | Mercedes Elem Sch | 65,000.00 |
| Paracale | Const of Day Care Center | Brgy. Dagang | 918,904.00 |
| Paracale | Rehab of Principal's Office | Pedro V. Moreno Elem. Sch, Brgy. Malaguit | 90,000.00 |
| Paracale | Repair of Sch Facilities | Batobalani Elem. Sch, Batobalani | 124,632.00 |
| Paracale | Rehab of Sch Facilities | Brgy. Bakal | 10,000.00 |
| Paracale | Const of Multi-Purpose Bldg | Paracale High School | 2,500,000.00 |
| Sta. Elena | Rehab/Reconst of 2 Classroom Sch Bldg | Brgy. Tabugon | 1,000,000.00 |
| Sta. Elena | Rehab of Multi-Purpose Bldg | Basiad Elem School | 140,000.00 |
| Sta. Elena | Rehab of Multi-Purpose Bldg | Rizal Elem School | 150,000.00 |
| Sta. Elena | Rehab of Multi-Purpose Bldg | Sta. Elena Central Elem School | 500,000.00 |
| Talisay | Rehab/Repair of Day Care Center | Brgy. Sto. Niño | 250,000.00 |
| Talisay | Const of two (2) units Sch Bldg | San Isidro Elem Sch, Brgy. San Isidro | 2,000,000.00 |
| Vinzons | Const of Multi-Purpose Evacuation & Learning Center Bldg. | Don Miguel Lukban Elem. Sch, Brgy. Manlucugan | 1,236,778.00 |
| Vinzons | Const of Multi-Purpose Evacuation & Learning Center Bldg | P. Barbin ES, Brgy. Sula | 1,238,992.00 |
| Vinzons | Const of Multi-Purpose Evacuation & Learning Center Bldg. | Don Miguel Lukban Elem. Sch, Brgy. Manlucugan | 1,236,778.00 |



*Construction of 2 classroom building sa San Isidro Talisay na may pondong P 1.9 milyon na nahingi ni Gob. Tallado kay Sen. Ralph Recto*




*Pasinaya ng concrete marker ng E. P. Borja High Sch. Sa ibabang larawan ay ang 6 Classroom School Building sa Labo Elementary School, isa pa sa proyekto ni Gob. Tallado*



# Pinasinayaan ...

*(Mula sa pahina 8)*

Tallado bilang suporta niya sa itinatatag doon sa bagong paaralan.

Mula sa 20% development fund ng pamahalaang panlalawigan ay nakatakdang ipatupad ngayong taon ang iba pang school projects sa bayan ng Capalonga at Basud.


Samantala, 30 proyektong pampaaralan ang binigyan prayoridad ni Gob. Tallado sa loob ng kanyang isang termino na may kabuuang pondo na P21. 8 milyon. Ang 9 dito ay sinisimulan ng ipatupad samantalang ang iba ay natapos na.*jac*

# Proyekto ni PNOY...

*(Mula sa pahina 1)*

loob ang badyet ng mga departamento ng pamahalaan ay tinatalakay, pinag-aaralan at pinagtitibay ng Tanggapan ng Pangulo na siyang ehekutibo bago ito isumite sa Kongreso. Sa kongreso pagtitibayin ang isinumiteng badyet sa ilalim ng General Appropriations Act.

*(Inset) Si Dr. Manny Obal ng DepEd Mercedes District habang ipinagkakaloob kay Gov. Egay Tallado ang Sertipiko ng Pasasalamat sa kanyang suporta sa paaralan*




# Sa Araw ng mga Puso

*Noong Ika-14 ng Pebrero, Valentine's day ay nagbigay kasiyahan si Gob. Edgardo A. Tallado sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan, mga iskolars at mga pasyente sa Camarines Norte Provincial Hospital.*

*Bandang hapon, kasama si Bise Gob. Jonah G. Pimentel at si Gng. Josie B. Tallado ay nilibot nila ang lahat ng tanggapan sa kapitolyo at isa-isang binigyan ng rosas ang mga kawani lalo na ang mga kababaihan. Ngunit bago si Gob. Tallado lumabas ng kanyang opisina ay nauna niyang binigyan ng rosas si Gng. Tallado.*

*Mula sa kapitolyo, ay nagtungo sila sa Little Theater kung saan naghihintay ang mga iskolars sa kanya para sa pamamahagi ng tseke kaugnay sa kanilang scholarship. Binigyan naman sila ni Gob. Egay ng mga tsokolateng kending hugis puso.*

*Mula doon ay dumeretso sila ng provincial hospital at namigay din ng rosas sa mga pasyente. Nasorpresa sila dahil hindi nila akalain ang pagdalaw ng gobernador at binigyan kasiyahan sila sa araw ng mga puso. j@c*



Iniaabot ni Gob. Tallado ang bulaklak sa 2 pasyente sa CNPH



Ang mga nars sa CNPH na binigyan din ng rosas ni Gob. Tallado. Sa larawan sa kanan ay ang taga Provincial Planning and Development Office hawak ang mga rosas na ipinagkaloob sa kanila ni Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel. Kasama din sa larawan si Gng. Josie Tallado at Gng. Bembem Pimentel, maybahay ni Bise Gob. Pimentel



# 1,800 lumahok sa ...

*Ipinakikita ni Dir. Josie B. Tallado ang P 8,000 halagang tseke na registration fee ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel para sa kanyang mga inanyayayahang tumakbo sa million volunteer bilang suporta sa Run to Save Lives program ng Philippine Red Cross.*

(Mula sa pahina 8)

gobyerno at pribado, mga mag-aaral at guro sa publiko at pribadong paaralan, mga kasapi ng mga samahang sibiko at iba pang mga pribadong tao. at mga opisyales ng mga barangay at marami pang iba.

Labis ang pasasalamat ng Punong Lalawigan at Unang Ginang sa mainit na pagtugon sa kanilang imbistasyon na lumahok sa MVR.

Bilang Chairman, masigasig ang pamumuno ni Dir. Tallado sa PRC.

Sa kaugnay na balita, makalipas ang limang araw matapos ang MVR ay isang fun-walk naman ang idinaos sa bayan ng Talisay noong Pebrero 16 na nilahukan din ni Gob. Tallado bilang pagtugon sa paanyaya ng St. Francis Parochial School Alumni Association. Ang fun-walk ay para sa Pre-Golden Anniversary ng SFPS.

Nagsimula ang fun-walk sa Poblacion, Talisay at nagtapos ito sa beach cleaning sa San Jose Beach.

Dito ay isinagawa din ang ceremonial ground breaking ng proyektong Cory Aquino Boulevard San Jose Talisay Phase.



*Sa ibaba ay makikita ang mga lumahok kasama si Gob. Tallado sa Fun-Walk and Beach Cleaning Activity ng Saint Francis Parochial School*





*(sa pangatlong larawan mula sa itaas) Nakatuwang ni Gob. Tallado ang pamunuan ng St. Francis Parochial School Alumni Association sa ceremonial ground breaking ng Cory Aquino Boulevard—SAN JOSE, TALISAY phase*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# P 4.8 m ipinagkaloob...

(Mula sa pahina 8)

atleta ng tig P800, P500 at P300 para sa ginto, pilak at bronseng medalya kanilang tinanggap.

Ang P4.8 milyon na badyet ng Camarines Norte sa Palarong Bikol ay nakapaloob sa 2013 Annual Budget ng Provincial School Board na may kabuuang P10. 7 milyon base sa estimated revenue ng 1% ng additional real property tax na laan para sa Special Education Fund ngayong taon. Pinagtibay na ni Gob. Tallado ang nasabing annual budget. Pangungunahan ni Schools Division Superintendent Arnulfo M. Balane at Co-chairman ng PSB ang delegasyon ng Camarines Norte. *j@c*

**GOOD LUCK!**
**CAMNORTE ATHLETES IN PALARONG BICOL 2013**

# Proyektong kalsada ...

(Mula sa pahina 1)

mga proyektong kalsada para sa 2013.

Ang kabuuan namang pondo para sa lahat ng ito ay **P 1,902, 932,090.27** mula sa 20% development fund ng pamahalaang panlalawigan at mga pondong nakalap ni Gob. Tallado sa PDAF ng mga Senador, mula din sa

(Sundan sa pahina 7)



ANGAS –MANGUISOC ROAD (BASUD-MERCEDES



CALABACA, CAPALONGA



DAET-SAN LORENZO RUIZ PROV'L ROAD



DAET-SAN VICENTE PROV'L ROAD



STA.CRUZ TALISAY



STA. ROSA SUR-SAN RAFAEL FMR
JOSE PANGANIBAN



FUNDADO LABO



CALABACA, CAPALONGA



MANGKASAY, PARACALE



BASIAD, STA.ELENA PROV'L ROAD

MAJOR TOURISM ROAD PROJECT
BAGASBAS, DAET
On-going construction of CORY AQUINO BLVD





CORY AQUINO BLVD going to SAN JOSE TALISAY



CORY AQUINO BLVD going to Mercedes



GUINACUTAN-CONTOD, VINZONS

# Provincial Government Road Projects Completed,On-Going,For Implementation



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Concreting of Tamisan FMR Phase II | Jose Panganiban | 11,360,433.67 | 2,000.00 m |
| E | **OPAPP/PAMANA** | | | |
| | Concreting of Pambuhan-Lanot FMR | Brgy. Pambuhan-Brgy. Lanot, Mercedes | 50,000,000.00 | 6,850.00 m |
| | Concreting of Calabasa-Pag-asa FMR | Labo | 50,000,000.00 | 7,500.00 m |
| | Concreting of Sta. Milagrosa-Larap FMR | Jose Panganiban | 50,000,000.00 | 6,500.00 m |
| | Concreting of Sta. Rosa Sur- San Rafael FMR | Jose Panganiban | 20,000,000.00 | 2,180.00 m |
| | Concreting of Pambuhan-Lanot-Prov'l Road | Mercedes | 20,000,000.00 | 2,550.00 m |
| | Concreting of Malibago-Malaya FMR | Labo | 40,000,000.00 | 5,640.00 m |
| | Concreting of Bakiad-Sta. Cruz-Fundado FMR | Labo | 10,000,000.00 | 1,250.00 m |
| | Concreting/Gravelling of Exciban-Nalisbitan-Dumagmang FMR | Brgy. Exciban, Labo | 50,000,000.00 | 1,747.50 m |
| | Concreting of San Isidro-Sta. Cruz FMR | Jose Panganiban | 7,000,000.00 | 1,000.00 m |
| | Concreting of FMR | Cabusay, Labo | 1,500,000.00 | 230.00 m |
| | Concreting of FMR | Tigbinan, Labo | 1,500,000.00 | 195.00 m |
| | Concreting of FMR | Maot, Labo | 1,500,000.00 | 197.00 m |
| | Concreting of FMR | Submakin, Labo | 1,500,000.00 | 195.00 m |
| | Concreting/Asphalting/Rehab Of FMR | San Isidro-San Ramon-Manlimonsito, Manlimonsito-Salvacion-San Antonio, Salvacion-San Ramon, | 32,500,000.00 | 4,420.00 m |
| | Concreting of Barangay Road | Tabugon-Maulawin, Sta. Elena | 3,000,000.00 | 360.00 m |
| | Concreting of Basiad FMR | Sitio Cambulong, Purok 7-A, Brgy. Basiad, Sta. Elena | 3,300,000.00 | 314.00 m |
| | Concreting of Barangay Road | Brgy. San Lorenzo, Sta. Elena | 4,000,000.00 | 560.00 m |
| F | **LGSF** | | | |
| | Concreting of Talisay-San Jose Prov'l Road | Brgy. San Jose, Talisay | 10,000,000.00 | 1,145.00 m |
| | Concreting of Batobalani-Dagang-Pinagbirayan Malaki FMR | Paracale | 8,500,000.00 | 1,105.00 m |
| | Concreting of Tulay na Lupa-Baay FMR | Brgy. Tulay na Lupa, Labo | 5,000,000.00 | 412.50 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Brgy. Anameam, Labo | 1,500,000.00 | 56.80 m |
| | Concreting of Napaod -Benit FMR | Brgy. Benit, Labo | 5,000,000.00 | 578.00 m |
| G | **PLGU** | | | |
| | Concreting of Brgy. Road | Purok 5, Brgy. Pamorangon, Daet | 868,091.00 | 120.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Brgy. Palanas, Paracale | 992,521.00 | 170.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Urban Poor Resettlement Area-Phase III, Brgy. Alawihao, Daet | 539,921.00 | 117.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Purok Ilang-Ilang, Brgy. Calaburnay, Paracale | 652,976.00 | 100.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Purok 9, Brgy. IV, Daet | 802,320.00 | 122.00 m |
| | Concreting of San Isidro Extension Road | P 1, Brgy. San Isidro, Daet | 496,460.00 | 123.50 m |
| | Concreting of Brgy. Road w/ Drainage | Aurora St., Brgy. V, Daet | 1,247,120.00 | 150.00 m |
| | Concreting of Canapawan-Cabatuhan FMR | Brgy. Canapawan, Labo | 7,482,371.00 | 200.00 m |
| | Construction/Improvement/Rehab of Labo-Contod-Vinzons Prov'l Road | Brgy. Napilihan, Vinzons | 994,154.00 | 129.50 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Core Shelter Road, Brgy Daculang Bolo, San Lorenz | 1,000,000.00 | 190.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Purok III, Brgy. Anahaw, Labo | 300,000.00 | 50.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Alawihao, Daet | 2,158,103.00 | 239.30 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Along Second St of Purok 5 going Bacuño's Compound, Magallanes Iraya, Brgy. Camambugan, Daet | 616,645.00 | 106.00 m |
| | Completion of Concrete Road Network (Phase I) | Teacher's Farm Village, Brgy. Magang, Daet | 498,089.00 | 48.80 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Brgy. Pinagwarasan, Basud | 498,565.00 | 100.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Sitio San Joaquin, Brgy. Masalong, Labo | 702,903.00 | 200.00 m |
| | Concreting of Jct Msr Basud-Mocong-Masalongsalong Road | Brgy. Taisan, Basud | 1,495,098.00 | 145.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Prov'l Road | Brgy. Calasgasan, Daet | 497,956.00 | 62.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Dogongan, Daet | 998,065.00 | 124.00 m |
| | Concreting of Daet-Mambalite Road | Brgy. Cobangbang, Daet | 745,582.00 | 97.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Road | Brgy. Poblacion, San Vicente | 746,143.00 | 97.00 m |
| | Conc. of Jct MSR-Basud-Mangcamagong Prov'l Road | Brgy. Mocong, Basud | 596,835.00 | 78.00 m |
| | Concreting of Labo-Vinzons-Crucero Prov'l Road | Brgy. Malasugui, Labo | 992,842.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Talisay-Sta. Cruz Road | Brgy. Gabon, Talisay | 997,288.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Road | Brgy. Alawihao, Daet | 1,497,482.00 | 195.00 m |
| | Concreting of Bagasbas Boulevard | Brgy. Bagasbas, Daet | 746,143.00 | 97.00 m |
| | Concreting of Bulhao-Bakiad-Sta. Cruz Road | Brgy. Bakiad, Labo | 496,770.00 | 88.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Road | Brgy. Calasgasan, Daet | 494,269.00 | 65.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Dogongan, Daet | 495,623.00 | 65.00 m |
| | Concreting of Itok Bridge Approaches along Capalonga-Calabaca Road | Brgy. Itok, Capalonga | 993,235.00 | 112.00 m |
| | Concreting of Labo-Contod-Vinzons Road | Brgy. Guinacutan, Labo | 998,357.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Labo-Fundado-Dancalan-Bakal Road | Brgy. Bulhao, Labo | 992,842.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Lugui, Labo | 997,288.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Mabilo II, Labo | 997,288.00 | 130.00 m |
| | Concreting of San Felipe -Patag Road | Brgy. San Felipe, Basud | 748,457.00 | 93.00 m |
| | Concreting of Talisay-San Jose Road | Brgy. San Francisco, Talisay | 997,288.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Bagasbas Boulevard | Brgy. Bagasbas, Daet | 749,311.00 | 97.00 m |
| | Concreting of Bulhao-Bakiad-Sta. Cruz Road | Brgy. Bakiad, Labo | 498,051.00 | 88.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Road | Brgy. Dagotdotan, San Lorenzo Ruiz | 745,582.00 | 97.00 m |
| | Concreting of Itok Bridge Approaches along Capalonga-Calabaca Road | Brgy. Itok, Capalonga | 993,235.00 | 112.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Lugui, Labo | 998,357.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Mabilo II, Labo | 998,357.00 | 130.00 m |
| | Concreting of San Felipe -Patag Road | Brgy. San Felipe, Basud | 748,457.00 | 93.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Alawihao, Daet | 999,088.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Road | Brgy. Poblacion, San Vicente | 998,357.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Talisay-San Jose Road | Brgy. San Francisco, Talisay | 998,357.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Basud-Mangcamagong-Masalongsalong Prov'l Road | Brgy. Mangcamagong, Basud | 998,989.00 | 132.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Prov'l Road | Brgy. Daculang Bolo, San Lorenzo Ruiz | 998,989.00 | 132.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Poblacion, San Vicente | 998,989.00 | 132.00 m |
| | Conc. of Jct MSR-Sta. Elena-Basiad Prov'l Road | Brgy. San Vicente, Sta. Elena | 993,632.00 | 157.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Prov'l Road | Brgy. Lugui, Labo | 998,989.00 | 132.00 m |
| | Concreting of Talisay-Sta. Cruz Prov'l Road | Brgy. Gabon, Talisay | 993,632.00 | 157.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Brgy. Tulay na Lupa, Labo | 496,749.00 | 130.00 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Brgy. IV, Mantagbac, Daet | 532,949.00 | 119.68 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Purok I-A & Purok III, Brgy. VI, Daet | 490,660.00 | 109.30 m |
| | Concreting of Brgy. Road | Tito Urbano St., Brgy. I, Daet | 498,029.00 | 109.75 m |
| | Concreting of Labo-Contod-Vinzons Prov'l Road | Brgy. Malasugui, Labo | 1,998,418.00 | 262.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Road | Brgy. Calasgasan, Daet | 1,248,022.00 | 162.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Prov'l Road | Brgy. Magang, Daet | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Concreting of Daet-San Vicente Prov'l Road | Brgy. Alawihao, Daet | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Conc.,Jct MSR Basud-Mangcamagong Prov'l Road | Brgy. Poblacion I, Basud | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Concreting of Labo-Contod-Vinzons Prov'l Road | Brgy. Guinacutan, Labo | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Conc of Labo-Fundado-Bakal Prov'l Road | Brgy. Bulhao, Labo | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Concreting of Talisay-San Jose Prov'l Road | Brgy. Poblacion, Talisay | 4,990,288.00 | 659.00 m |
| | Concreting of Talisay-San Jose Road | Brgy. San Francisco, Talisay | 996,869.00 | 124.00 m |
| | Conc of Labo-Fundado-Dancalan-Bakal Prov'l Road | Brgy. Awitan, Labo | 996,869.00 | 124.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Mabilo II, Labo | 996,869.00 | 124.00 m |
| | Concreting of Labo-Tulay na Lupa Road | Brgy. Lugui, Labo | 996,869.00 | 124.00 m |
| | Conc.of Jct MSR Sta. Elena-Basiad Prov'l Road | Brgy. San Vicente, Sta. Elena | 498,031.00 | 75.60 m |
| | Concreting of Jct MSR San Felipe-Patag Road | Brgy. San Felipe, Basud | 748,660.00 | 93.00 m |
| | Concreting of Daet-Awitan Prov'l Road | Brgy. Borabod, Daet | 997,361.00 | 114.00 m |
| | Concreting of Daet-San Lorenzo Ruiz Prov'l Road | Brgy. Poblacion, San Lorenzo Ruiz | 1,996,208.00 | 236.80 m |
| | Construction of Cory Aquino Boulevard | Bagasbas, Mercedes, Talisay | 400,000,000.00 | 4,000.00 m |
| | Construction of Rizal-San Lorenzo FMR | Sta. Elena | 31,800,000.00 | 3,500.00 m |
| | Construction of Pambuhan FMR | Mercedes | 45,450,000.00 | 5,000.00 m |
| | | **TOTAL** | **1,902,932,090.27** | 207,013.62 m |


*Si Gob. Egay Tallado at Mayor Tito Sarion sa ribbon cutting ng road concreting project sa  Daet*


*Si Gob. Egay Tallado, Bise Gob. Jonah Pimentel at Mayor Jun Davocol  sa ribbon cutting ng isang kalsada sa Basud*


*Si Gob. Egay Tallado kasama ang ilang kabataan at isang kagawad ng barangay habang naglalakad sa kanyang proyektong  FMR sa brgy Sta. Cruz, Jose Panganiban*


*Concreting of Tulay na Lupa– Labo, Provincial Road*

# Proyektong kalsada...

*(Mula sa pahina 5)*

Department of Agriculture, DAR-ARCP2, at OPAPP-PAMANA at DA.

Ang mga ito'y pinagsama-samang ibat-ibang uri ng kalsada maging ito'y panlalawigan, pangbayan, pambarangay, maging mga (farm to market road) lansangang mula sa sakahan tungo sa pamilihan. Lahat ng mga proyektong ito'y isinagawa sa bahagi-bahaging pagpapatrabaho (phase by phase).

Ayon kay Gob. Tallado, ngayon lamang naranasan ang pagbuhos ng malaking pondo sa Camarines Norte dahil siya ay masipag maghanap ng pondo at dahil malapit sa Presidente. *Gerry Ibana/Jing Calimlim*

# Paggugol...

*(Mula sa pahina 3)*

pondo para sa mga atleta ng Camarines Norte sa Palarong Bicol 2013 na ang paggastos ng pondo ay ipinagkatiwala ng pamahalaang panlalawigan sa DepED.

Ang Provincial School Board ay binubuo ng mga sumusunod: Gob. Tallado-Chairman, G. Arnulfo Balane- Co Chairman at mga kasapi: Board Member Ricky Manarang ( SP Chairman on Education), SK Federation President, SP Member Gladiola Villagomez Provincial Treasurer, Lorna Coreses, Provincial Accountant Myrna Sendon, Provincial Budget Officer Mercedes Alfuerte, CNTA President Nestor Dela Torre, PROFES President Ma. Cristina Arevalo, Arnel V. Abejero (President, Non-Teaching) at Rosalinda M. Abejero (Secretary) *j@c*

# P4.8 M ipinagkaloob sa Team CamNorte sa Palarong Bicol



*Bago umalis ang mga atleta ng Camarines Norte patungong Catanduanes para sa Palarong Bikol 2013 ay nagbigay ng mensahe si Gob. Edgardo A. Tallado sa kanila. Kanyang ipinabatid ang malaking badyet na inilaan para sa pangangailangan ng buong delegasyon at kanyang ipinagkatiwala ang paggugol nito sa DepEd.*

Kaugnay ng Palarong Bicol, 2013 noong Pebrero 23 – 38 sa Virac Catanduanes, pinondohan ng P4.8 milyon ng Provincial School Board (PSB) na pinangunguluhan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang buong delegasyon ng Camarines Norte.

Nasa 383 atleta kasama ang 95 na coaches, 80 officiating officials, 4 na medical personnel at 30 delagation officials o trainers o kabuuang 592 delegado ng Camarines Norte ang pinaglaanan ng pondo para sa kanilang transportasyon, pagkain, uniporme pati ang kanilang rubber shoes at medyas, athletic equipment at supplies, mga gamot na kakailanganin, vitamins at may Gatorade pa.

May inilaan ding pondo para sa cash allowance ng mga atleta at pondo rin para sa insurance ng lahat ng delagado ng Camarines Norte. Magsisilbi ding inspirasyon sa mga atleta ang inilaang pondo na ipagkakaloob sa kanila bilang insentibo kung sakali sila ay magwawagi. Sa Palarong Bicol 2012 tumanggap ang mga nanalong

(Sundan sa pahina 4)

# 1,800 lumahok sa Run to Save Lives




Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Pinasinayahan School Bldg. Projects






*Si Gob. Tallado habang kausap ang Punong Guro ng Tabugon Elementary School. Nakatuwang ni Gob. Tallado si Bise Gob. Pimentel sa ribbon cutting bilang pasinaya ng 2 Classroom School Buidling sa Tabugon Elementary School sa bayan ng sta. Elena.*

Ilang proyekto pampaaralan ang pinasinayaan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel kaalinsabay ng pagsasagawa g multi-services caravan sa iba't-ibang barangay.

Isa dito ay ang two-classroom school building sa Tabugon Elementary School (Sta. Elena) na pinasinayaan noong ika-29 ng Enero. Sinalubong si Gob. Tallado ng mga iskolars ng Provincial Government sa kanyang pagdating doon. Si G. Edward Tapar, pangulo ng mga scholars sa bayan ng Sta. Elena ay nagalay ng tula kay Gob. Tallado sa kanyang pagpapahalaga sa edukasyon ng kabataan.

Sa araw din na yaon, matapos ang multi-services caravan sa Brgy. Basiad ay pinasinayaan din ang concrete school fence and marker project na hiniling ng Basiad Elementary School kay Gob. Tallado.

Noong ika-11 ng Enero ay pinasinayaan din ang 2 Classroom School Building sa San Antonio, Labo na isa pang proyekto ni Gob.

(Sundan sa pahina 3)

Ang 2nd Million Volunteer Run (MVR) - "RUN TO SAVE LIVES" sa Lalawigan ng Camarines Norte noong Pebrero 10, 2013 ay matagumpay na naisagawa sa pangunguna ng Unang Ginang ng lalawigan Director Joise B. Tallado, Chairman ng Philippine Red Cross.

Ayon kay Ms. Sorni Abada, OIC ng Philippine Red Cross (PRC) , tinatayang ang lumahok dito ay 1,500 hanggang 1,800 katao, mas marami kumpara noong 1st MVR na 1,000 ang sumali.

Nakalikom ng P270,000 para sa mga programa ng PRC na dating PNRC o Philippine National Red Cross.

Si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ay nakapagrehistro ng P8,000 para sa kanyang mga inanyayahang tumakbo sa MVR.

Ikinasa at pinaputok ni Dir. Tallado ang baril bilang pagsisimula ng MVR mula sa harapan ng kapitolyo at nagtapos sa Bagasbas Beach. Pinangunahan din niya ang pagtakbo kasama si Gob. Edgardo A. Tallado.

Ang mga lumahok ay mga kawani mula iba't-ibang tanggapan

(Sundan sa pahina 4)

*Si Dir. Jose B. Tallado, Chairman ng Philippine Red Cross Camarines Norte Chapter hawak ang "starting gun" na siyang hudyat ng pagsisimula ng 2nd Million Volunteer Run ng PRC*